# SIKLAB NG LIDER: PAG-UNLAD NG BAWAT HAKBANG TUNGO SA KINABUKASAN

*by:*
**Erlin B. Carag**
*Head Teacher III*

Ang pamumuno ay hindi lamang tungkol sa pamamahala kundi pati na rin sa pagbuo ng inspirasyon sa bawat hakbang. Ang mga tunay na pinuno ay may kakayahang magbigay liwanag sa landas ng pagbabago at pag-asa (Northhouse,2021). Sa bawat pagkilos at pagpapasiya, inilalarawan ang kanilang mataimtim na dedikasyon sa pag-unlad ng komunidad. Ang kanilang alab ay sumisibol ang isang matibay na pananalig at paniniwala sa kanilang misyon at sa kakayahang maghatid ng solusyon sa bawat pagsubok. Sa ganitong paraan, ang paglilingkod ay nagtataguyod ng isang positibong pagbabago sa lipunan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang mga naglilingkod na may hangaring nagtataguyod ng kultura ng inobasyon at maging ng pagkakaisa. Ang kanilang pananaw ay nakatuon sa hinaharap kung saan ang bawat hakbang ay may kahulugan at kontribusyon sa kabuuang pag-unlad (Kouzes & Posner,2017). Pinakamahalaga ang kanilang mga kakayahan na maihain ang isang tiyak at malinaw na tunguhin para sa kanilang nasasakupan. Ipinapakita nila sa pamamagitan ng halimbawa ang kahalagahan ng pakikipagtulungan sa pagharap sa pagbabago. Sa ganitong diwa, nagmumula ang lakas at inspirasyon para sa bawat bagong proyekto at inisyatiba.

Ang bawat hakbang ng liderato ay hinubog ng mga pagsubok at karanasan. Hindi maikakaila na ang mga hamon at kabiguan ay bahagi ng paglalakbay patungo sa tagumpay. (Bass & Riggio,2006). Sa gitna ng bawat pagsubok, ang taglay na kakayahan sa muling pagbangon at pagpaaptuloy ay nagpapakita ng tunay na esenya ng pamumuno. Ang kanilang kakayahan na manatiling matatag at mapanuring mag-isip

ang naging susi sa pag-abot ng tagumpay sa kabila ng mga pagsubok. Sa pamamagitan ng pagharap sa kahirapan, pina-uunlad nila ang kanilang kakayahan at pinagtibay ang kanilang pamumuno.

Bilang paglalahat, ang alab ng lider ay nagpapaliwanag at nagpapakita ng pananaw na nagpapahiwatig ng liwanag at pag-asa sa kinabukasan. Ang bawat hakbang na kanilang isinasagawa ay nagtataglay ng maigting na determinasyon at inspirasyon para sa pagbabago (Northouse,2021). Ang kanilang husay sa pamumuno ay bunga ng kanilang kakayahang pagsamahin ang inobasyon at tradisyon sa makabuluhang paraan. Sa pamamagitan ng pagtutulungan at malasakit, nahuhubog at naipapanday ang bawat karanasan tungo sa pagbuo ng isang komunidad na matatag at handa sa hamon ng kasalukuyan at makabagong panahon.  Sa ganitong pamamaraan, malinaw na naipapakita ng mga lider ang kanilang kakayahn sa pagpapabuti ng bawat hakbang tungo sa isang mas maliwanag na kinabukasan,

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Bass,B.M, & Riggio, R.E.(2006). Transformational leadership (2nd ed). Psychology Press

Kouzes,J.M., & Posner, B.Z. (2017). The leadership challenge: How to make extraordinary things happen in organization. (6th ed). Wiley.

Northouse,P.G.(2021).Leadership: Therapy and practice (9th ed.). Sage Publication